

LOS ANGELES UNIFIED SCHOOL DISTRICT

PATAKARAN SA PAG-IWAS SA SEKSUAL NA PANLILIGALIG

Ang Los Angeles Unified School District (LAUSD) ay nakatuon sa paglalaan ng kapaligiran sa pagtatrabaho at pag-aaral na ligtas mula sa sekswal na panliligalig. Ipinagbabawal ng Distrito ang sekswal na panliligalig ng o sa pamamagitan ng mga empleyado, mag-aaral, o mga taong may kaugnayan sa o para sa Distrito sa batayan ng aktwal o itinuturing na sekso, sekswal na oryentasyon, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, pagbubuntis, panganganak, pagpapasuso/kalagayang pagpapadeda at anumang medikal na mga kondisyon na may kaugnayan dito. Ang hindi pagsunod sa patakarang ito ay paglabag sa batas ng estado at pederal.

Ang sekswal na panliligalig ay tinukoy bilang anumang hindi kanais-nais na pagkilos batay sa sekso, kabilang ang mga sekswal na pananamantala, mga kahilingan para sa sekswal na pabor, at anumang iba pang berbal, nakikita, o pisikal na pagkilos sa isang sekswal na kalikasan o batay sa sekso na ginawa ng isa mula sa o sa trabaho o pang-edukasyong kapaligiran, sa ilalim ng alinman sa mga sumusunod na kalagayan:

- Ang pagsailalim sa asal ay hayag o patagong ginawang palagay o kondisyon sa empleyo, katayuang akademiko, o pagsulong ng isang indibidwal.
- Ang pagsailalim, o pagtanggap, sa asal ng indibidwal ay ginamit na batayan sa empleyo o akademikong mga pasyang nakakaapekto sa indibidwal.
- Ang pagsasagawa ay may layunin o epektong may negatibong dating sa trabaho o akademikong gawain ng indibidwal, o sa paglikha ng isang nakapananakot, masama, o nakagagalit na kapaligiran sa trabaho o edukasyon.
- Ang pagsailalim, o pagtanggap, sa asal ng indibidwal ay ginamit bilang batayan ng anumang pasyang nakakaapekto sa indibidwal tungkol sa mga benepisyong at mga serbisyo, karangalan, programa, o aktibidad na makukuha sa o sa pamamagitan ng institusyon sa edukasyon.

Sa sandaling makasaksi ng gawaing diskriminasyon, panliligalig, pananakot, mapang-abusong pagkilos o pang-aapi batay sa aktwal o itinuturing na mga katangian ng isang protektadong kategorya gaya ng binanggit sa itaas, kinakailangang magsagawa ng mga agarang hakbang ang mga tauhan para mamagitan kung ligtas itong gawin. Ang pag-uulat sa gayong pagkilos sa administrador o Title IX/Bullying Complaint Manager ay maaaring isang angkop na pamamagitan. Sa sandaling ang paaralan o ang opisina ay magpahayag ng abiso ng pandiskriminasyon, panliligalig, pananakot, mapang-abuso o pang-aaping pagkilos, maging ito ay isinagawa ng mga empleyado, mag-aaral, o ikatlong partido, dapat itong magsagawa ng mga agarang at angkop na hakbang para mag-imbistiga o kung hindi man ay tukuyin kung ano ang naganap. Ang mga tauhan ay kailangang magsagawa ng mga maagap at epektibong hakbang na makatwirang kinakailangan para tapusin ang pagkilos, alisin ang masamang kapaligiran, kung may isa na nalikha, at pigilan ang pagkilos na mangyaring muli. Ang mga hakbang na ito ay dapat gawin na hindi alintana kung nagreklamo ang isang indibidwal o humiling sa paaralan o opisina na gumawa ng aksyon. Ang patakarang ito ay naaangkop sa lahat ng kilos na may kaugnayan sa aktibidad ng paaralan o pagpasok sa loob ng alinmang paaralan o opisina sa ilalim ng nasasakupan ng Superintendente ng Los Angeles Unified School District.

Ang sinumang mag-aaral o empleyado ng Distrito na naniniwalang siya o siya ay naging biktima ng sekswal na panliligalig ay dapat idulog ang problema sa atensyon ng administrador ng site o sa Title IX/Bullying Complaint nang sa gayon ang nararapat na aksyon ay magawa upang malutas ang problema. Ipinagbabawal ng Distrito ang mapaghiganting pag-uugali laban sa sinuman na naghain ng reklamong sekswal na pang-aabuso o sinumang kalahok sa proseso ng imbestigasyon sa reklamo. Ang mga reklamo ay dapat na agarang siyasatin sa paraang iginagalang ang pagkapribado ng mga partidong sangkot.

sa mga katanungan tungkol sa mga patakarang ng Distrito at mga pamamaraan na may kaugnayan sa sekswal na panliligalig ng o sa pamamagitan ng mga mag-aaral, kabilang ang kung paano maghain ng reklamong sekswal na panliligalig makipag-ugnayan sa:

**Educational Equity Compliance Office
Julie Hall-Panameño, LAUSD Section 504 and Title IX Coordinator
(213) 241-7682**

Para sa mga katanungan o reklamong may kaugnayan sa empleyado sa empleyado, mag-aaral sa empleyado, o may kaugnayan sa diskriminasyon sa trabaho/empleo, panliligalig, pananakot, o mapang-abusong pagkilos makipag-ugnayan sa:

**Equal Opportunity Section
(213) 241-7685**

**Matatagpuan ang parehong Opisina sa:
Los Angeles Unified School District
333 South Beaudry Avenue - 20th Floor
Los Angeles, CA 90017**